# SUMMATIVE 1 – AP GRADE 8

1. Ano-anong bansa ang nasa ilalim ng *Triple Alliance*?
    a. Austria-Hungary, Germany at Italy
    b. Italy, Russia at France
    c. Austria-Hungary, Russia at Great Britain
    d. France, Russia, Central Britain
2. Bakit nagsimula ang unang digmaang pandaigdig?
    a. Nagsimula ito ng makidigma si Archduke Franz Ferdinand sa Russia.
    b. Nagsimula ito nang ma-assassinate si Archduke Franz Ferdinand at ang kanyang asawa na si Sophie sa Saravejo.
    c. Nagkaroon ng sigalot sa Seravejo na kinasangkutan ng tagapagmana ng trono ng Austria-Hungary.
    d. Wala sa nabanggit
3. Paano nagwakas ang unang digmaag pandaigdig?
    a. Pumirma ang bawat representante ng bansa ng isang armistice upang wakasan ang WWI.
    b. Pinirmahan nila ang *Treaty of Versailles*, isang kasunduan kung saan ito ay magpapatigil sa unang digmaang pandaigdig.
    c. Binuo ang *League of Nation* na siyang nagsilbing taga balance ng bawat bansa.
    d. Wala sa nabanggit.
4. Ano ang layunin ng *League of Nation?*
    a. Pgilan ang muling pagsiklab o pag-usbong ng digmaang pandaigdig upang mapanatili ang kapayapaan sa mundo.
    b. Layunin nito na puksain ang mga bansang magtatangka manakop at magdulot ng malawakang digmaan sa mundo.
    c. Trabaho nito na pigilan ang paglawak ng paggawa ng mga armas at sasakyang pandigma.
    d. Lahat ng nabanggit.
5. Ano-anong bansa ang nasa ilalim ng *Triple Entente?*
    a. Austria-Hungary, Germany at Italy
    b. Italy, Russia at France
    c. Austria-Hungary, Russia at Great Britain
    d. France, Russia a Central Britain
6. Bakit pinatay si Archduke Franz Ferdinand ng isang Serb Student na si Gavrilo Princip?
    a. Nais ng samahang *Black Hand* na kinabibilangan ni Gavrilo na mapalaya ang Bosnia-Hezregovina mula sa Austria.
    b. Upang ipaghiganti ang kanilang bansa sa ginawang pananakop ng Austria sa kanila.
    c. A and B
    d. Wala sa nabanggit
7. Ano ang epekto ng Militarismo sa pagsisimula ng unang digmaang pandaigdig?
    a. Maraming bansa ang umaangkat ng mga armas upang makidigma at mapalakas ang kanilang pwersa.
    b. Dahil sa militarism ay maraming bansa ang agpapaunahan o nagpapadamihan sa pagkawa ng mga baril, bala, tangke at iba na kanilang magagamit upang manakop at makipaglaban na sya ring naging basehan kung gaano kalakas ang isang bansa.
    c. Maraming bansa ang nagbukas ng pakikipagkalakalan ng mga armas upang mapalago ang kanilang ekonomiya.
    d. Lahat ng nabanggit.
8. Sa pagbabawal ni Mussolini sa mga mamamayan na batikusin ang lahat ng gawain o desisyon ng pamahalaan, ano ang nilalabag nito Karapatan sa kasalukuyang panahon
    a. Right to Information
    b. Right to Freedom of Expression
    c. Right to Media
    d. Lahat ng nabanggit
9. Paano nasali ang bansang Pilipinas sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
    a. Nakasali ang Pilipinas sa WW2 dahil sa pananakop na ginawa ng mga Amerikano.
    b. Ito ay dulot ng pagpapasabog ng mga Hapon sa Pearl Harbor at pananakop sa bansang Pilipinas.
    c. Ito ay dahil sa alitan sa pagitan ng Hapon at Estados Unidos kung saan ang mga Amerikano ay kasali rito at dahil sa pagpapasabog ng Pearl Harbor ng mga Hapon ay nagdeklara ng gyera sa Estados Unidos at dito ay pinuntirya ng mga Hapon ang base military ng mga Amerikano sa Pilipinas.
    d. Ito ay dahil nakipagdigma ang Estados Unidos sa Hapon at pagtulong ng mga Pilipino sa Amerikano sa digmaan.

LIVEWORKSHEETS

10. Bakit bumagsak ang stock market sa Estados Unidos?
    a. Humina ang kanilang ekonomiya at maraming mga nrgosyante ay nalugi.
    b. Ibinenta sa mababang halaga ng mga Amerikano ang kanilang stock hanggang sa maging dahilan ito ng pagkalugi ng kanilang Negosyo.
    c. Dahil sa lubos na pagpapautang sa ibang bansa at hindi pagbabayad sa kanila ng tama ay naging dahilan ng pagbagsak ng kanilang Negosyo.
    d. Nawalan ng trabaho ang karamihan sa kanila at walang sapat na salapi upang tumbasan ang kanilang mga pangangailangan.
11. Bakit umusbong ang ikalawang digmaang pandaigdig?
    a. Nagsimulang pananakop sa ng mga bansa sa Asya ang Japan.
    b. Nagsimulang pananakop sa ng mga bansa sa Africa ang Italya.
    c. Nagpahayag ng pakikidigma ang Estados Unidos sa Japan dahil sa patuloy na pangbobomba ng base military nito.
    d. Sinuway ni Hitler ang kasunduang Versailles at nagsagawa ng blitzkrieg nap ag-aati sa Poland.
12. Bakit umusbong ang Cold War?
    a. Ito ay dahil sa pagpapaligsahan ng dalawang suporpowers na bansa na nagpapagalingan at nagpapalakasan sa mga bagay na may kinalaman sa ekonomiya at politika.
    b. Dahil sa away sa pagitan ng USSR at EU matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig dahil sa kanilang kagustuhang payamanin ang kani-kanilang mga bansa.
    c. Dahil sa nangyaring gyera sa pagitan ng mga kaalyadong bansa ng USSR at EU sa Asya at sa Europa.
    d. Wala sa nabanggit.
13. Ang USSR at EU ay nagpapaligsahan sa pagpapadala ng ng mga sasakyang pangkalawakan upang magkaroon ng pagsusuri sa mga bagay-bagay na mayroon tulad na lamang ng buwan o ng iba pang planeta. Ito ay halimbawa ng anong uri ng cold war?
    a. Espionage
    b. Proxy War
    c. Arms Race
    d. Space Race
14. Bakit itinatag ng EU ang mga samahang NATO, SEATO, at CENTO?
    a. Upang tulungan ang mga maliliit na bansa na makidigma sa mga bansang mananakop.
    b. Upang tulungan ang maliliit na bansa na itaas ang kanilang ekonomiya, mapataas ng turismo, *investment*, at mapaganda ang kalagayan ng bawat bansa.
    c. Upang tulungan ang mga bans ana palakasin ang kanilang base military bilang paghahanda sa posibilidad na pananakop ng malalakas na bansa.
    d. Upnag bigyang tulong na maiangat ang ekonomiya at mapataas ang halaga ng pera.
15. Bakit ipinatupad ni Gorbachev ang Perestroika sa Unyon Sobyet?
    a. Upang magkaroon ng pagbabago sa Karapatan ng mga mamamayan at bigyang proteksyon ang mga mangagawa.
    b. Magkaroong ng reporma sa politika o palitan ang kasalukuyang uri ng gobyerno na mayroon upang mapabuti ang kalagayan ng mga mamamayan at ng bansa.
    c. Magkaroong ng reporma sa ekonomiya kung saan ay pahihintulutan ang pagkakaroon ng pribadong sektor at makapagtayo ng nrgosyo ang mga dayuhan.
    d. Magkaroon ng reporma sa uri ng ekonomiya ng bansa upang masmapaunlad ito at makahakot ng mga *foreign investor*.

LIVEWORKSHEETS